

|

At twenty-three, Chantal felt like she's a bloody disgrace. She's almost broke. Magmula nang magtapos siya sa kolehiyo tatlong taon na ang nakakalipas ay pinalad siyang makapagtrabaho bilang assistant ng de kalibreng photographer na si Sebastian Jimenez—ang bugnutin, perfectionist at napakasungit niyang amo.

Mapalad na siya sa lagay na iyon. There weren't a lot of jobs going around.

Pangarap niyang maging isang successful na photographer. Hindi nga lang niya alam kung may katuparan pa ba ang pangarap na iyon. Malapit na yata niyang paglamayan ang minimithing pangarap. Mukhang wala talagang chance na matupad iyon.

Alam niyang maaga pa para i-condemn niya ang sarili. Pero kahit ang dami-dami na niyang nasubukan, wala pa rin siyang napapala. Tila hindi naman nagbubunga ang kanyang mga paghihirap.

Tatlong taon na siyang *tagabitbit lang* ng sundry equipment para kay Sebastian. Parang ang tanging nangyari sa buhay niya ay ang suportahan ang mga pangarap ng lalaki.

Di bale, buhay pa naman siya. At sa kabila ng mga frustrations, she still stood five feet seven inches tall, mas matangkad pa pag naka-heels siya. Kahit haggard sa trabaho ay medyo kumikinang pa rin naman ang maputi at makinis niyang kutis. Marami rin ang nagsasabi na maganda ang kanyang mukha.

That beauty, however, seemed to have done her no good at all.

Ah, wait! Meron naman siguro.

Sabi nga ni Paulo Coelho, "*Beauty is the greatest seducer of mankind.*"

Baka nga ang angking kariktan niya ang bumihag sa lalaking kaytagal niya ring hinangaan at pinangarap—isang lalaking minsan na rin naging kanya—sa isang gabi ng kapusukan at kaligayang naglaho rin pagsikat ng araw.

But Chantal would always cherish that one

glorious night she shared with the ultimate campus basketball varsity heartthrob Theo Renzi. It happened when she was in third year college. Sa mainit na mga sandaling iyon, binuo ni Theo ang pagkababae niya.

That night, the guy she'd admired for so long introduced her to one of the most beautiful feelings a woman could ever experience. If only it wasn't a one-night affair. If only it could be more than a nostalgic memory.

Pero siguro sadyang ganoon ang buhay. She could only savor the pleasurable moment while it lasted. And that she did.

Pinunasan niya ng tissue ang lipstick na lumampas sa gilid ng labi niya. Pagkatapos ay agad siyang bumalik sa kinaroroonan ni Sebastian.

Nasa isang arena sila para kunan ng pictures ang *Team Valkyrie* pagkatapos ng laro. Ayon kay Sebastian, ito raw ang pinakamalaking basketball event ng taon. Patapos na iyon pagdating nila kaya kailangan niyang bilisan.

"Saan ka ba galing? Kanina pa 'ko naghihintay sa 'yo. I'm feeling dizzy. Kailangan ko munang magpahinga," inis na sabi ni Sebastian sa kanya pagdating niya. Salubong ang mga kilay nito at

halatang naiinip na. “Kung hindi ako makakabalik dito pagkatapos ng laro ay ikaw na ang kumuha ng mga pictures. Siguraduhin mong ka-publish-publish ang mga kuha mo,” utos nito.

Hindi ito ang kauna-unahang pagkakataong naatasan siyang gawin iyon. Minsan na rin itong nahilo habang nagpo-photoshoot sila para sa billboard ng isang modelo ng men’s underwear. Siya na ang nagpatuloy ng pagkuha ng mga litrato. Alam ni Chantal na hindi niya ito na-disappoint kahit kailan.

Ganoon pa man, kinakabahan siya sa pagkakataong ito lalo na’t rush itong pagkuha ng mga litrato ng mga players.

“Yes, Bast. Take a rest and get well,” tugon ni Chantal. Natatameme man siya, nobody could say “No” to their boss.

Mayamaya pa ay hindi na magkamayaw ang hiyawan. May nanalo na. Mayamaya lang ay dadaan na ang mga players sa kinaroroonan niya. Huminga ng malalim si Chantal. Kung ano-ano ng ginagawa niya sa katawan niya para mag-release ng tension. Naroong kukurutin niya ang tenga niya. Occasionally, she would shake her hands. Ang isang photographer ay dapat kalmado at steady ang mga

kamay.

Thirty minutes na ang nakakalipas. Sa wakas, natapos na ang paghihirap ng mga players ng *Valkyrie* sa umpukan ng mga nagpapa-autograph, nanghihingi ng kiss, yakap at kung ano-ano pa. Palapit na ang mga ito sa kinaroroonan niya.

Hindi na fan si Chantal ng basketball. Matapos ang nangyari sa kanila ni Theo noon ay kinalimutan na niyang nag-e-exist ang larong ito. That way, unti-unti na ring tumigil ang paglalaro ng imahe ng binata sa isipan niya. Gusto niya itong kalimutan dahil may kakaiba siyang nararamdaman pag naiisip ito.

She was just another girl to him. Naikama sa isang party. Wala siyang maaasahan kundi sakit ng loob kung ipagpapatuloy niya ang pag-iisip at pagpapantasya rito.

Nang dumaan ang unang player ay mabilis niya itong kinunan ng ilang litrato. Buong-buo ang focus niya at itinatak niya sa kukote ang sinabi ni Sebastian: “*Siguraduhin mong ka-publish-publish ang mga kuha mo.*”

Magalang ang tatlong unang player na kinunan niya ng litrato kaya hindi siya nahirapan. Actually, masayang nag-pose ang mga ito sa harapan ng malaking logo ng kompanyang may-ari sa team—

ang *Valkyrie International, Inc.*, isang sports equipment company. Parang noon lang nakakita ang mga ito ng camera kung susukatin niya ang excitement ng mga ito sa pagpapa-picture. Or maybe they're just happy. Iyong isa nga ay parang nagpapa-cute sa kanya.

The fourth player came. Nasabaw yata bigla ang utak niya. Pinipilit niyang huwag manginig at hindi magmukhang naistatwa sa kinatatayuan pero hindi siya makagalaw.

How could that be possible? She's right in front of Theo Renzi. And for some inexplicable reason, he looked just as stunned as her.



“Can't let her melt and go to waste,” ani Lloyd kay Theo habang natutulala siya sa isang babaeng mag-isang nakaupo sa isang table.

Nasa loob sila ng convention center ng Phoenix Hotel para sa debut ni Cassidy Ocampo, ang reigning Miss Mountain Peak University.

Di na niya naintindihan ang dagdag na pang-aasar ni Lloyd bago siya nito iniwan.

Napatingin si Theo sa relo. 8:30 PM. Kanina pa dapat siya nakauwi. Kailangan niyang mapanood ang kinahuhumalingang Hollywood TV Series na

magsi-screen ng 9:30 PM.

Lady, stop drawing my attention. You might not like the price you have to pay, *inis na bulong ni Theo sa isipan.*

May kasama ito kanina pero ngayon ay mag-isa na ito sa table. Mukhang wala itong pakialam sa paligid at absorbed na absorbed sa kung anumang ginagawa nito sa cell phone nito.

And damn! She's so hot. Napakaganda rin ng mukha nito. Simple lang ang suot nito, pero ang mala-kremang balat ay sapat na para talbukan ang lahat ng naroon na nadadamitan ng mamahaling designer clothes.

Umiling-iling si Theo.

She's just another girl. I'm watching the TV Series, aniya sa sarili.

But he found himself walking toward the girl.

Damn! Just damn! Matapos ma-heartbroken just two months ago, ang makipaglapit sa kahit na sinong babae ang gusto niyang gawin ngayon.

Nahuli niyang nakikipag-date si Karla sa ibang lalaki. Isang taon ang sinayang niya sa babae.

But this girl in front of him was effortlessly pulling him closer.

"Hey! Care to share how to attain world peace?"

untag niya rito nang makalapit. That's so lame, wasn't it?

Lame indeed.

Nagulantang kasi ito. Pero huli na bago niya na-realize na napaka-rude ng ginawa niya. Nevertheless, the girl smiled. At ikinagulat niyang sa kabila ng pagkagulat nito ay napakatamis pa rin ng ngiting sumilay sa katakam-takam na mga labi nito. And again, he's blown away.

"Impossible yata ang world peace. As impossible as me hitting the grand slam in this game round," tila wala sa isip na tugon nito.

Naglalaro pala ito ng Tong-its War sa cell phone nito. Muntik nang mapahalakhak si Theo. One point five million na ang grand slam. Kaya pala sobra ang tutok nito sa gadget.

One point five million would make her a millionaire. That wasn't real money pero nakaka-obsess talagang manalo ng ganoon kalaki sa game na kinahuhumalingan.

"I'll hit it," prisinta niya.

"In return for my thoughts on world peace?" Her eyes were shining. May pakiramdam si Theo na kilala siya nito. "Chantal," pagpapakilala ng babae sa kanya.

Matapos magpakilala ay naupo si Theo sa upuan sa tabi nito.

Pag natalo siya sa pagtitimpi, pagbabayaran talaga ng babaeng ito ang peace na ninakaw nito sa kanya. Hindi pa kasali roon ang na-miss niyang TV Series.

Wala pang nainom si Theo pero nag-aapoy na siya sa init habang sabay silang naglalaro ni Chantal para ma-hit ang grand slam. He's literally burning habang patuloy niyang naririnig ang boses nito at habang patuloy niyang naaamoy ang mabining bango nito.

Ah, it was a mix of fresh apple and rose notes.

At nang ma-hit nila ang grand slam, gusto na ni Theo na bawiin ang "peace" niya na ninakaw ng babae. Marahil ay hindi iyon kasing-imposible tulad ng paniniwala nito.

"Would you like to dance?" Isasayaw niya na lang ito. Dancing with her might help release the heat inside him and keep him out of trouble.

Umiling ito. "I owe you thoughts on how to attain world peace."

Theo silently grinned. Na-miss niya ang TV Series para lang umuwing talunan. At bakit ayaw nitong makipagsayaw sa kanya?

Kinagat pa talaga ni Chantal ang pang-ibabang labi nito. Shit! Lalong nanikip ang pantalon niya sa ginawa nitong iyon.

Who is this girl that she could turn him on by

simply biting her lower lip?

“Don’t you think it’s too noisy in here to talk about something so serious?” he teased. “And would you be so kind to stop biting your lower lip?” he asked, slightly irritated. Mukha kasing oblivious ang babae sa epekto nito sa kanya.

Lumabi ito at lalong nagwala ang sistema niya.

“Hindi naman nakakadagdag sa kaguluhan sa mundo ang pagkagat ko ng labi ko, ah,” angal nito saka muling kinagat iyon.

“Don’t or I’ll kiss you senseless,” banta niya.

Pero sa halip na matakot ay ngumiti pa ito bago muling kinagat ang labi. At tinotoo niya ang banta.

At his expense. Tuluyang sumiklab ang madugong digmaan sa sistema niya nang lumapat ang bibig niya sa mainit at malambot na mga labi nito. Fire swept over him, filled him. Her lips tasted like expensive chocolate. Ah, he could bite and lick those sweet lips forever.

“Don’t you think it’s too noisy here to not talk about something this serious?” she asked teasingly.

“Yeah. We need to go somewhere we can not talk,” gigil na sagot niya.

This night’s gonna be hot, sabi ng isipan ni Theo nang marinig ang pagtunog ng doorknob habang papasok sila sa kwartong binayaran niya sa parehong

hotel.

Nakatayo siya sa harap ni Chantal nang mapaupo ito sa kama. Mabilis na natanggal niya ang sinturon.

“Theo...” anas ni Chantal nang maibaba niya ang zipper ng kanyang pants.

Hinawakan niya ang kamay nito at dinala sa pagkalalaking nagwawala na sa loob ng briefs niya. “Take it out,” he demanded.

The girl obliged.

Napanganga si Chantal nang mahantad sa harap nito ang naghuhumindig niyang pagkalalaki. Tingin niya ay hindi nito alam ang gagawin pero sa pag-encourage niya, ibinuka nito ang mga labi at isinubo ang arousal niya.

He wanted her. He needed her. It felt so good to be in her mouth.

“Ah, do your best Chantal. I want it inside your sweet little mouth fully. I want it so bad.” He gritted his teeth.

And when she started sucking him, Theo couldn't help growling. The innocent rhythm of her sucking mouth was soulful. She was the only one that made him ache this much, the only one that was able to pleasure him this much.

Nang hindi na siya makatiis ay mabilis niyang

hinugot ang kanyang kapitan mula rito at hinubad ang mga damit nito.

Ah, she's a goddess.

Muli niyang inangkin ang matatamis na labi ni Chantal. He could still taste himself in her mouth—salty—pineapple-ish. Mayamaya pa ay napaloob na ito sa mga bisig niya. Feeling her body against his was the best feeling ever.

Lalo siyang nag-iinit habang ini-explore ng mga palad nito ang katawan niya. Dinama niya rin ang katawan nito, hinalikan ang bawat parte.

He pried her legs apart. And boy, was her femininity the most pinkish thing in the world? Ah, lalo pa siyang tinigasan. Almost carelessly, ipinasok niya ang dila sa kaselanan nito. It's hot, soft... addicting. Nakakadarang ang pag-ungol nito habang pinapaikot-ikot niya ang dila sa pagkababae nito. At sa tuwing pabigla-bigla niyang ipinapasok nang sagad ang dila sa kalaliman ng kaselanan nito ay bigla itong napapasigaw. Sa loob ng mahabang sandali ay ninamnam niya lang ang pagkababae nito habang pinagpapala ng kanyang mga kamay ang malulusog na umbok sa dibdib nito.

Kung hindi pa sa pananakit ng puson niya ay hindi niya alam kung paano tumigil sa ginagawa.

Pero nagwawala na si kapitan. Malalagutan yata siya ng hininga if he didn't take her soon.

After wearing a condom, mabilis siyang kumubabaw sa dalaga. Sandali pa niyang binagyo ng mga halik ang napaka-inviting na mga labi nito. Then he started to ease himself inside her.

Ah, she's a virgin. She was actually giving him the best gift that he could ever receive from her. "Theo..." anas ni Chantal nang maipasok na niya ang kalahati ng kanyang pagkalalaki sa kaibuturan nito.

Good Lord, hearing his name come out of someone's mouth had never been that pleasurable to his ears.

"Say my name again, baby, say it please," aniya habang patuloy na pinapasok ang kaibuturan nito.

"Theo..." she obliged.

Nang maisagad niya ang pagkalalaki sa kaselanan nito ay napansin niyang napapangiwi ito. And he knew exactly how to make her like it. Hindi muna siya gumalaw at patuloy itong hinalikan, sa mga labi, sa likod ng tainga, sa leeg, sa puno ng dibdib, sa magkabilang tuktok niyon, hanggang sa maramdaman niyang mas nasasanay na ito sa kanya.

Nagsimula siyang umindayog. Hindi na rin ito natigil sa pag-anas at paminsan-minsang pagsambit

ng pangalan niya. Nang maramdaman niyang sumasarap na sa pakiramdam nito ang pag-ulos niya ay nagsimula siyang bilisan ang paggalaw. Ramdam niya ang mga kalmot nito sa likod niya pero wala siyang pakialam. She's tight and it felt so delicious to move in and out of her.

Nagpatuloy si Theo sa pag-ulos. Damn! Gusto niyang umulos na may halong bagsik pero first time nito kaya nagsakripisyo na muna siya. Nais niyang habang nasasarapan siya ay nasasarapan din ito. At habang bumibilis ang kanyang pag-ulos at ramdam niyang malapit na siyang labasan ay para siyang sasabog. Sex had never felt that explosive before and...

"Aaaah! Chan...tal! What exactly are you doing to me? Aaah..." Nanigas ang kanyang mga muscles. He swore to the pillows and the sheets, that was his best orgasm. He almost collapsed on top of her.

"Naghasik ka ng kaguluhan sa sistema ko. Now this is my definition of peace," bulong niya sa dalaga in between soft kisses. Totoong naging payapa ang kanyang sistema matapos niyang maangkin ito pero panandalian lamang iyon.

And thank goodness, the girl kept giving herself to him every time he asked... that one night.



Si Theo lang ang nakakaalam kung gaano kahirap pigilan magkaroon ng full force boner sa pagkaalala ng isang napakainit na tagpo four years ago sa pagitan nila ng babaeng ngayon ay nasa harap niya. Bakit nga ba hindi niya ito niligawan noon?

Oo nga pala. It's Karla. Maliban sa pagiging heartbroken, his pride was brutally bruised matapos siyang ipagpalit ng ex-gf sa ibang lalaki. He treated her well. Isa pa, dalawa ang campus ng *Mountain Peak University* at isa lang ang subject niya sa campus kung nasaan si Chantal noong third year pa sila. Twice a week lang siya nakakapunta sa campus kung nasaan ito, minsan kapag nagpa-practice ng laro at pag may tournament ng basketball na doon ginaganap.

At nang mag-fourth year na siya ay hindi na siya halos nagawi sa campus na iyon.

Hindi alam ni Theo kung ano ang eksaktong rason. Tinikis niya ang sarili na huwag makita ang dalaga sa tuwing may posibilidad na magkrus ang mga landas nila. Mukhang hindi naman niya kailangang gawin iyon dahil tila nauna na itong umiwas.

2

She had work to do. Hindi siya pwedeng tumanga lang buong maghapon sa harap ni Theo.

“Chantal?” tanong ni Theo, bakas sa mukha ang pagkagulat.

It had been four years. Pero tila sa halip na tumanda ang hitsura ay bumata pa ang guwapong mukha ni Theo. Short line up ang haircut nito di tulad ng dati. Higit anim na talampakan ang taas nito. Kakatubo lang ng mga facial hairs nito na napaka-proportionate ng pakakaahit sa magkabilang gilid ng mukha. His lips were pinkish. Kung hindi lang sa playboy na image nito at sa nangyari sa kanila years ago, iisipin niyang inosente ang mga

labing iyon. They looked soft, hot and untouched. His chiseled nose complemented the manly, thick eyebrows arching up above two tantalizing eyes. In short, he's a hunk.

She managed to give him a sweet smile. "Yes. I'm Chantal. Pwede ba kitang kunan ng litrato?" magalang na tanong niya.

Napakurap-kurap si Theo. "O-of course," tugon nito kasabay ng isang ngiti.

Hindi maunawaan ni Chantal kung bakit tila nauutal ito. Nagulat din ba itong makita siya?

"Pwede ba kitang kunan ng isang seryosong pose?" Saan kaya niya hinuhugot ang kanyang formality? Kanina naman sa tatlong naunang players na dumaan ay, "*One serious pose please!*" lang ang sinasabi niya. At ni hindi niya tinatanong at halos pakiusapan ang mga ito kung pwede bang kunan ng mga larawan.

Siyempre, alam na ng mga players na kailangan ng mga itong tumigil sa malaking tarpaulin na naka-set up na may logo ng may ari ng team ng mga ito.

Agad na tumalima si Theo. Inilagay nito sa tagiliran ang isang bola at tumingin sa camera—focused, confident, manly. Modelong-modelo. What could be behind those fierce and searing eyes as he

stared at the camera?

A naked woman? Napangiwi si Chantal sa naisip. Whatever. The point was nakakainggit ang pagka-photogenic nito. And he looked even better in person. The photo she'd taken was probably her best shot of the day.

“Thank you. It was perfect.”

Huminga nang malalim si Theo. Pagkuwa'y ngumiti ito sa kanya.

God, his smile almost turned her knees to jelly. Mayamaya pa ay tinitigan siya nito.

“Theo, alis na diyan! It's my turn. At maawa ka naman sa iba pang teammates natin. Huwag mo munang tunawin sa tingin mo ang photographer. Umaandar na naman 'yang pagka—”

Hindi natapos sa pagsasalita ang nagrereklamong teammate ni Theo dahil nagtawanan ang lahat ng nakarinig dito. Maging siya ay napangiti.

Inismiran lang ni Theo ang mga kasamahan. Laking gulat niya nang sa halip na dumerecho ito sa bus na naghihintay sa buong team ay bumaba ito sa platform at naglakad papunta sa kanya.

Nagulat man ay hindi nagpahalata si Chantal. Patuloy siya sa pagkuha ng pictures ng player na nasa platform. Lalo niyang sineryoso ang pagkuha

ng litrato sa lalaking game na game mag-pose. Kailangan niya ring career-in ang ginagawa at baka malintikan siya kay Sebastian.

Pero tila binabayo ang kanyang dibdib dahil nararamdaman niyang papalapit si Theo sa kanya.

Hindi siya pwedeng kabahan! Nakadepende ang outcome ng kanyang shots sa calmness at state of mind niya. Pero paanong hindi siya kakabahan ngayong she's a few foot away from the only man with whom she'd ever made love? That was one hell of a night—glorious—unforgettable.

“Magbago ka na, Theo!” kantiyaw ng isa sa mga teammates nitong nakapila sa likuran. Lalo pang lumala ang mga hiyawan at kantiyaw ng mga kasamahan ni Theo. Pero daig pa ni Theo ang walang narinig. Patuloy ito sa paglalakad palapit sa kanya.

“Magpigil ka naman minsan, hoy! Ungas! Hindi ka na nahiya. Ang ganda niyan para sa 'yo,” hirit pa ng isa.

Kusang gumuhit ang ngiti sa mga labi ni Chantal. Sana lang ay hindi siya namumula.

God, he's hot. Nararamdaman niya ang init nito nang malapit na ito sa kanya. It disturbed her system.

“Ooops!” narinig ni Chantal na anas ni Theo habang pinipigilan ang tripod na ma-displace. Bigla kasing umihip ang malakas na hangin.

Dali-daling inayos ni Theo ang posisyon ng medyo na-displace na light box. “Hindi ka man lang ba pinadalhan ng assistant?” tanong nito, bakas sa tinig ang concern.

Palagay ni Chantal ay namutla siya. But, she tried hard to gain back her composure. May isa pa namang assistant si Sebastian, si RJ. But, he’s on leave.

Nginitian niya si Theo. “I’m fine. Kaya ko na ’to. But thank you. That’s so thoughtful of you,” aniya sa pormal pa ring tono.

She was still positioning the camera, getting it ready for the next player. Ang gwapo pa naman ng next player. At nakangiti rin ito sa kanya. Mayamaya ay naramdaman niya na lang ang mga daliri ni Theo na hinawi ang buhok niyang dinala ng hangin sa kanyang mukha. Umani iyon ng malalakas na hiyaw at kantiyaw mula sa mga natitirang teammates ni Theo na nasa linya.

“Inaamag na ang style mong ’yan, Theo,” pambubuska ng pinakahuli sa linya. Mukhang close ito kay Theo dahil ito ang pinakamalakas mangantiyaw sa binata.

Pakiramdam ni Chantal ay nakadikit sa mga daliri ni Theo ang init ng pakikipaglaban nito sa basketball court. Agad na nasalin ang init na iyon

sa kanya at pumukaw ng samu't saring damdamin sa sistema niya. Hindi niya muna hinawakan ang shutter button para hindi mahalata ni Theo na nanginginig siya.

“Oops!” pigil sa kanya ng player na nasa platform nang humarap na siya rito. “Bago mo ’ko kunan ng shots, let me say, huwag kang padadala sa lalaking ’yan.” Mas lumapit ito at iniunat ang mahaba at maskuladong kamay para makipagkamay sa kanya.

Naguguluhan man, nagsimulang humakbang si Chantal patungo sa lalaki upang tanggapin ang pakikipagkamay nito.

“Carlo. And this is a secure hand that can hold your heart carefully.”

“Chantal,” pagpapakilala niya sa binata.

Lumipad ang isang face towel na basa ng pawis sa mukha ni Carlo. “Isa pa ’to. Umalis ka diyan, hoy!” asik ng pinakamalapit na player sa lalaki. “Chantal ba ’ka mo? I’m James. Parehong may topak ’yang si Theo at si Carlo.”

Nginitian ni Chantal ang lalaki na balewalang nilimot ang face towel na inapakan ni Carlo. Nag-abot din ito ng kamay sa kanya.

Mukhang masayang kasama ang teammates ni Theo. Pakiramdam ni Chantal ay muli siyang

nagkaroon ng interes sa larong basketball.

Pagbaling niya kay Theo ay nagulat siya sa mabalasik na tingin nito sa mga kasamahan. Hinawakan nito ang kanyang kamay at marahan siyang hinila palapit sa tripod.

Ah, may trabaho pa nga pala siya.

Nag-ismiran ang teammates ni Theo.

“Sos, napaka-possessive nito. Hindi ’yan magkakagusto sa ’yo, hoy!” kutya ni Carlo kay Theo. “Right, Chantal?”

Nginitian ni Chantal si Carlo. Halos ma-overwhelm siya sa kapilyuhan ng mga ito. But, for the first time magmula nang maging assistant ni Sebastian ay nakuha niyang ngumiti ulit ng isang masaya at totoong ngiti.

Mukhang mga talipandas man ang Team Valkyrie, ramdam niya ang pagiging totoong tao ng mga ito.

“Pwede ba ’kong magpa-picture habang kunwari ay nagsu-shoot,” pakiusap ng huling player sa pila.

“Oo naman. Bakit hindi? Whenever you’re ready,” masiglang tugon ni Chantal.

Actually, paborito niyang kunan ang isang subject in motion. Matapos niyang i-click ang shutter button ay dali-daling bumaba ang huling

player at lumapit sa kinaroroonan nila ni Theo.

“Patingin ako,” sabi nito.

Ipinakita niya sa lalaki ang mga kuha niya rito.

“Wow! Awesome!” bulalas nito.

“Secret photo lang ’to, ha. Hindi mo isasali sa mga ipi-print sa magazines,” pakiusap nito.

“Pahingi ako ng copy, please. Paki-send mo naman sa *Facebook*. Ano ba’ng full name mo sa *FB* para ma-add kita? Kevin nga pala. Kevin Gatchalian,” pagpapakilala nito sa sarili.

“Chantal Vargas.”

Nang mapasulyap siya kay Theo ay hindi na madowing ang mukha nito. Mayamaya pa ay pinalo nito ng bitbit na face towel si Kevin.

Nang makaalis ang huli ay nagrigodong muli ang kanyang dibdib. Hindi siya makapaniwala na nagpaiwan si Theo kasama siya.

“Chantal, ako ’to, si Theo. Naaalala mo pa ba ’ko?” tanong nito.

Ramdam ni Chantal ang pamumula ng kanyang mukha. Paano ba niya ito makakalimutan? Ang nangyari sa kanilang dalawa ang pinaka-memorable na nangyari sa buhay niya.

But him asking, “*Naalala mo pa ba ’ko?*” was like him saying, “*We had a one night stand noong nasa*

college pa tayo.”

“Or maybe sa dami na ng lalaking patay na patay sa ’yo, hindi mo na ’ko matandaan. I’m Theo Renzi. We shared intimate moments back when we were younger.” Napaka-direct ng pagkakasabi nito pero nakita niyang may nahihiyang ngiti ring gumuhit sa mukha nito.

Natawa si Chantal at nag-iwas ng tingin sa hiya. “Yes, I remember you.” Kailangan niyang aminin. Siya na talaga ang pinakamaganda kung nakalimutan niya.

Gumuhit ang pilyong ngiti sa gwapong mukha nito. “That’s great to hear. Akala ko, ganoon na ’ko ka-forgettable sa ’yo. By the way, may victory party kami mamaya. It will be a big celebration. Ito kasi ang pinakamalaking napanalunan namin ngayong taon. Kung pwede sana kitang yayain para may kasama naman ako,” saad nito.

As if naman maniniwala siya. Lokohin nito ang lelang nito.

“Ano na, Theo, magta-taxi ka na lang? Nandito ang wallet at bag mo sa loob ng bus. Itapon ko na sa ’yo?” sigaw ni Kevin.

“Lunukin mo ’yan kung gusto mo, *pacboi!*” balik-bulyaw ni Theo kay Kevin.

Mayamaya pa'y humarap itong muli sa kanya. "Ia-add din kita sa *Facebook*. Huwag mong i-accept si Kevin, ha. Siya ang pinaka-playboy sa lahat sa kanila kaya manloloko 'yun," mahinang sabi nito. "Kapag na-accept mo na 'ko, sa 'kin mo na i-send ang picture na hinihingi niya. Ako na'ng magsi-send sa kanya."

"Chantal, pag naniwala ka diyan, good luck na lang sa 'yo!" sigaw ni James. "Huwag mong sayangin ang ganda mo! Hindi ka niya deserve!"

"Ano ka na lang!" ganting sigaw ni Theo. Sa isip ni Chantal, hindi malayong madalas nagkakabugbugan ang mga ito.

Hindi siya makapaniwala na ang sadya nito sa kanya ay para yayain siyang samahan ito sa party.

Sasama ba siya? Hindi? Sasama ba siya? Hindi? Kung tatangi siya, manghihinayang siya. Kung sasama naman siya, tuluyan na siyang naging kaladkarin.

Malay ba niya kung gusto lang talaga nito ng kasama sa party at wala namang hidden agenda?

Pero hindi niya hawak ang oras niya. Baka biglang may photoshoot pala kung saan. And she's broke. Hindi siya pwedeng mawalan ng trabaho.

"Ipi-pm kita pag na-confirm ko na ang schedule ngayong araw. At kung punuan, pwede tayong magdasal na may ma-cancel," malungkot na tugon

niya sa binata.

Kinagat ni Theo ang pang-ilalim na labi, tila disappointed. “Okay. So then, can I have your number. Baka mamaya, iindyanin mo lang ako.”

Napabuntong-hininga si Chantal. Alam niyang malabong maging sila ni Theo, pero sino’ng nakakaalam, baka maaari silang maging matalik na magkaibigan? Iisa lang kasi ang maituturing niyang kaibigan, si Giselle Macaraig.

“Chantal, sagutin mo na lang ’yan. Tapos i-text mo siyang break na kayo pag nakasakay na siya,” anang isang teammate ni Theo na tila naiinip na.

At dahil kanina pa hinihintay ng mga kasamahan si Theo ay ibinigay na agad niya ang kanyang phone number.

“Please come tonight,” ani Theo saka dali-daling tumakbo papunta sa bus.

Chantal saw the boys waved her goodbye. Kasali roon si Theo na mukhang inuulan pa rin ng batikos at kantiyaw. She waved them goodbye too. Ilang sadali siyang napako sa kinatatayuan habang pinapanood ang umaandar na bus.

Everything felt like dream. She met Theo Renzi. Again. She wanted to scream.

3

M aghahating-gabi na nang makarating si Chantal sa venue ng party. Alas onse beinte-cuatro. Gabing-gabi na kasi nang matapos ang photoshoot para sa mini look-book ng isang watch company. Hindi na nga sana siya pupunta sa party, pero nang maaga pa ay nag-text si Theo at sabihing susunduin siya nito ay nagdesisyon siyang pumunta. Pero iginiit niya sa binata na huwag na siya nitong sunduin at nangako na lamang na darating.

Para saan ba kasi niya gugugulin ang buhay niya? Para magbitbit ng mga sundry equipment ni Sebastian? She'd been doing that for three years. Hindi na siguro masama kung mag-hang out man

siya with one of the hottest guys around after all those dull years.

Taliwas sa inaasahan niya ay nakaupo lang si Theo sa isang sulok. May magandang babae nga lang itong katabi na tila ipinagduduldulan ang sarili rito. He looked bored, though.

“Hey!” Tingin niya ay kumislap ang mga mata nito pagkakita sa kanya.

At ganoon na lang ang pag-ismid ng magandang babaeng katabi nito. Napansin niyang hinahagod siya ng babae ng nang-uuring tingin. At alam niyang nakakalamang ito sa... suot at sa glow ng skin. Mukhang mayaman.

It didn't matter. Si Theo naman ang sadya niya sa party. Sabi nga nila, if a boy likes a girl, he'd want to see her naked. So she could simply forget about the dress.

“I was worried sick. Akala ko hindi ka na makakarating. Hindi ka kasi nagre-reply sa mga text ko,” seryosong sabi ng binata nang salubungin siya.

Nginitian niya ito. “Sorry to have kept you waiting. Sorry rin kung hindi na ako nakapag-reply ulit. Sabi ko sa 'yo, di ba? Gagabihin ako ng sobra.”

Nakatitig pa rin sa kanya ang babaeng kanina ay katabi ni Theo.

Oo na, ikaw na'ng may magandang damit, saloob ni Chantal.

Alam niyang hindi mumurahin ang damit na hiniram niya kay Giselle. Pero di nakontento ang babae sa pagtitig lang. Tumayo ito at hinawakan ang kanyang mukha.

“Ikaw iyong assistant ni Sebastian, di ba? Remember me, the cover girl of *Heuse Magazine* last month? You assisted Sebastian in taking my photos,” nakataas ang kilay na saad nito.

“Oo nga! 'Yong nabuhusan mo ng kape ang damit niya at binulyawan ka niya kaya naantala ang photoshoot. So careless! Buti na lang hindi ka sa 'kin nagtatrabaho dahil hindi lang bulyaw ang aabutin mo.” Saka nito binitiwang ang mukha niya.

Muntik nang mapanganga si Chantal. Kaya pala pamilyar ang mukha nito. Hindi niya halos matingnan si Theo sa pagkapahiya. Kaya naman pala mahihiya ang kaka-floor wax lang na sahig sa kutis nito. Aba, eh, cover girl pala si ate.

“Oo, ako nga 'yon. My name is Chantal. Sayang hindi ako nagtatrabaho para sa 'yo. Di sana tulad mo, kanina pa 'ko rito kasama ka. Ang aga mo, 'no? Hindi sana ako na-late.” Tumango-tango siya. “And, yes, naaalala na kita. Ariella, right?”

Nakangiting inakbayan siya ni Theo. “Excuse us,” magalang na paalam nito kay Ariella.

“You can’t walk away from me just like that, Theo!” malakas na sabi ni Ariella, walang pakialam sa mga nakatingin at nakarinig dito.

“Don’t mind her,” sabi lang ng binata kay Chantal. “We’re over and she knows that.”

Chantal was tired kaya nagpatay-malisya na lang siya. After all, kilala naman niya si Theo kahit paano. Siya lang ang makapagsasabi kung hahayaan niya itong saktan siya gaya ng marahil ay nararamdaman ni Ariella ngayon.

“Sa’n tayo?” tanong niya kay Theo habang naglalakad sila palayo sa venue.

Akbay pa rin siya nito. Ano kaya ang akala nito? Na magaan lang ang kamay nito? Sa pagod niya kanina sa photoshoot, pakiramdam niya ay limang kilo yata ang mga bisig ni Theo.

“Somewhere quiet,” sabi nito. “I’m sorry about Ariella.”

“Okay lang. Naalala ko rin iyong sinabi niyang insidente. Nadapa ako n’un sa pagmamadali para ikuha ng bagong damit si Sebastian.”

Natawa si Theo. “Basta, salamat at dumating ka. Alam kong pagod na pagod ka, pero pumunta

ka pa rin.”

“Gusto ko ring magliwaliw,” sagot niya.

“Chantal! I can’t believe you’re here. Nakakatampo ka naman. Una hindi mo pa ina-accept ang friend request ko sa *Facebook*. ’Tapos hindi mo sinabing pupunta ka pala rito sa party.” Si Kevin. Kasalubong nila ito sa lobby.

“Naku! Pasensya ka na. Hindi pa ’ko naka-log in sa *Facebook* buong araw. Promise, isi-send ko ang picture sa ’yo.”

“At ano naman sa ’yo kung hindi niya ipinaalam sa ’yo na pupunta siya dito? Tatay ka ba niya?” tanong ni Theo kay Kevin.

Lumapit si Kevin sa kanya at bumulong, “Huwag kang padadala diyan. Pokpok iyan.”

Mayamaya pa ay may dalawang babaeng lumapit kay Kevin at humila rito pabalik sa party.

Theo grinned.

“Sabi sa ’yo, eh. Kevin’s a playboy. Like I said, sa ’kin mo na i-send ang picture na hinihingi niya,” ulit ni Theo sa kanya. “Peram ng cell phone mo.” Pinabuksan muna nito ang kanyang *FB* account bago kinuha ang gadget.

Naguguluhan man ay ibinigay na lang ni Chantal ang cellphone kay Theo matapos mag-log in sa

kanyang *Facebook* account.

“Bakit mo siya binlock?” Nakita niya ang ginawa nito sa invite ni Kevin.

Inilapit ni Theo ang bibig nito sa kanyang tainga. “Inilalayo lang kita sa disgrasya.”

Pinanliitan niya ito ng mga mata. “You’re mean. Nakikipagkaibigan lang siya.”

Tinitigan lang siya ni Theo. “I’m not mean,” sabi nito pagpasok nila sa elevator. “Bakit? Mahilig ka ba sa playboy? Magbago ka na rin kaya. You still hook up with guys you’ve just met?”

Kinurot niya ito sa tagiliran sa halip na masamain ang sinabi nito. “Hoy, Theo Renzi, I was never that kind of girl. You’re well aware that you’re my first,” she hissed. Mukhang napahiya naman ito. “Masyado ka lang magaling mang-akit at napapayag mo ako.”

“I wonder kung sino sa atin ang mas magaling mang-akit,” mahinang saad nito.

Pinaikot niya ang mga mata. “You’d better tell me now kung saan mo ’ko dadalhin bago pa kita masakal.”

“In a place, where we could be *us*. Just a few floors away from the venue,” pilyong saad nito at itinuro ang button na pinindot nito nang di niya napapansin.

64th Floor.

This scene was so familiar.

Nasamid si Chantal sa hangin. Pero hindi siya pwedeng magbulag-bulagan o tahimik na mag-drama. Alam niya kung ano ang mangyayari sa pagpunta niya sa party na ito. And yet, she went. That meant, handa siya sa anumang magaganap kasama si Theo.

“Bakit parang hindi ka nakainom?” usisa niya sa binata. Wala kasing amoy alak ang mabangong hininga nito.

Gumuhit ang pilyong ngiti sa gwapong mukha nito. “Bakit pa ako iinom kung pwede mo naman akong lasingin mamaya pagdating sa pupuntahan natin?” Hapit siya nito sa baywang.

“T-Theo,” anas niya.

“Shh... there are no cameras. At tayo lang namang dalawa dito sa elevator.”

His arm wrapped around her felt so good. Matapos ang isang segundo ay nasa labi na niya ang mga labi nito. At first, it was a soft kiss. Pero habang lumilipas ang mga sandali ay nagiging mapaghanap at mapusok ang pag-angkin nito. Tuluyan na sana siyang mawawala sa sarili nang marating nila ang kanilang palapag.

Napasinghap silang dalawa, nagkangitian bago tuluyang lumabas ng elevator.



“Hindi ka rin prepared, ’no?” may pagkasarkastikong komento ni Chantal kay Theo pagpasok nila sa isang suite.

Mukhang tama ang naisip niyang kapalarang naghihintay sa kanya ngayong gabi. The room was filled with a light vanilla scent coming from a diffuser in the corner.

“It’s a lovely room.” Humarap siya sa bintana. Tanaw mula sa kinatatayuan ang dagat sa di kalayuan.

“It’s lovelier with you around.”

Napalunok si Chantal sa narinig. Naghanda talaga ang kumag. Bumalik ang isip niya kay Ariella.

Obviously, may nakaraan ang dalawa, paalala ng isang sulok ng isipan kanya.

Nakaraan naman na iyon. At sabi ni Theo, tapos na sila ng babaeng iyon, kontra rin niya sa sarili.

Mayamaya pa ay lumapit si Theo sa kinaroroonan niya. “Ayaw mo bang maupo?” tanong nito.

Lumingon siya at nakita ang isang mesa. May magkatabing kulay beige na couches sa isang panig niyon. May nakahandang champagne sa gitna ng

table. Tinanong siya ni Theo kung gusto niyang mag-dinner at magpapaakyat ito ng pagkain. Umiling siya at sinabing kumain na siya.

“Gusto ko lang i-enjoy sandali ang view. Thanks for bringing me here,” ani Chantal.

Pagkuwa’y naupo na siya sa couch sa tabi ng inuupuan ni Theo.

“Cheers!” sabi ng binata.

They lifted and clinked their glasses of champagne. At habang umiinom ay nakatitig ito sa kanya. Ganoon din siya kay Theo.

“The years have been so kind to you. You’ve grown more beautiful.”

Na-flatter siya na ewan ba niya. Ang daming paruparong nagliliparan sa tiyan niya. Natulala siya habang nakatitig sa binata. His eyes were taking her sanity away.

“Thank you. How have you been?” usisa niya na agad niya ring pinagsisihan. Paano kung tatanungin din siya nito ng parehong tanong?

“I’ve been so lonely until I found you.”

Nakakailang lagok pa lang ito.

Tinamaan agad, naisip ni Chantal. *Hay*, boys. Ang tatamis ng dila. *Hay*, girls. Natatamisan naman sa dila ng boys.

Mukhang seryoso si Theo at hindi nambobola lang. Nakatitig pa rin ito sa kanyang mga mata.

“How about you?”

’To na nga ba’ng sinasabi niya, eh.

Where have you been na lang kasi sana ang itinanong niya. At least pag gumanti ito ng parehong tanong, sasabihin niya lang na galing siya sa photoshoot. But, he’s playing, so makikipaglaro na lang siya.

“I, too, have been lonely until I found you again.”

Napangiti si Theo. “Don’t worry. ’Andito na ’ko sa tabi mo. Hindi ka na malulungkot kailanman.”

Muntik nang mapahalakhak si Chantal. But he sounded so sincere that she didn’t have the heart to laugh. Mayamaya pa ay nasa mga bisig na siya nito, nasa iisang upuan na sila. Masuyo nitong hinaplos ang mga pisngi niya. Namalayan niya na lamang ang mga labi nito sa kanya. His kisses grew wild. Para bang miss na miss siya nito.

Then she was suddenly unsure. Bakit nga ba niya muling ipagkakaloob ang sarili sa lalaking ito? Inalis niya ang mga kamay nitong nakapulupot sa katawan niya at tumayo. Nakita niyang naguguluhang napatitig si Theo sa kanya bago siya nag-iwas ng tingin.

Pero nang tumayo ito ay hindi niya rin napigilan ang humarap dito. At parang may kung anong nag-udyok sa mga kamay niyang haplusin ang mga pisngi nito.

Napalitan ng kapilyuhan ang confusion sa mga mata nito at muli nitong inilapat ang mga labi sa mga labi niya. Masuyo nitong nilasap ang bibig niya. Then his tongue coaxed her mouth open. It soon turned into a deep and lustful kiss. Pagkuwa'y sinapo ng mga kamay nito ang malulusog niyang dibdib.

“T-Theo...”

“Hush.” At mukhang may PhD na ito ngayon sa art of undressing a woman. Bumagsak na lamang ang damit niya sa sahi. “You’re the most heavenly sight in the world!” he muttered, his index and middle finger inside her sex.

Napaigtad si Chantal sa munting kirot na hatid niyon, na agad napalitan ng mapaghanap na pagnanasa. Nadismaya siya nang bawiin ni Theo ang mga daliri nito mula sa kaselanan niya.

Hinubad nito ang sariling mga damit. And Theo’s nakedness was still the best sight she’d seen.

Naramdaman ni Chantal ang pag-angat niya mula sa sahi. God, she’s being lifted by strong, muscled arms. Naramdaman niya ang paglapat ng

likod niya sa kama. Wala na rin siyang kahit anong saplot.

Napaigtad siya nang ipasok nito ang dila sa kaselanan niya. Nahigit niya ang hininga. His tongue seemed so hungry, famished. Sobrang mapang-angkin ng mga dila nito habang nilalantakan ang pagkababae niya.

Nahigit ni Chantal ang hininga nang hilahin siya ni Theo na parang drawer. Nakabuka na ang mga hita niyang sa pagitan niyon ay ang sensual nitong mga balakang. Kinuha ni Theo ang isang kamay niya at dinala sa arousal nito.

“Touch me,” he demanded.

Muli ay hindi maunawaan ni Chantal kung bakit napaka-eager ng kanyang mga kamay na sumunod sa utos nito. Ah, he felt so good against her sensitive palm.

“Oh, ang bango-bango mo talaga. I could spend the rest of my life just smelling you,” anas ng binata na nahiga sa tabi niya.

Naglalakbay ang mga kamay nito sa bawat parte ng kanyang katawan na madaanan, pumipisil at humahagod. Her other palm was on Theo’s muscled chest.

At hindi niya mapigilan ang sariling halikan

ito sa leeg. Naglandas ang kamay nito pababa—sa tiyan niya, sa pusod niya... and down below. “Ah, Chantal!” mariing ungol ni Theo.

Napabigla ang pagkagat ni Chantal sa leeg nito when his fingers rubbed her clit. His manhood seemed so huge. And right now, it’s hot, hard and angry.

“Aaaah! Theo!” she moaned habang tila palalim nang palalim ang dalawang daliri nito sa kaibuturan niya. Unti-unting bumaba ang mga halik nito sa dibdib niya. Napaigtad siya sa sensasyong dulot ng dila nito sa kanyang dibdib.

Mayamaya pa, muling bumaba ang bibig nito sa pagitan ng mga hita niya. Then his tongue hungrily went deep inside her again. Kapagkuwa’y nangatal ang kanyang katawan. Naramdaman niyang may mainit na likidong lumabas mula sa pagkababae niya. Hindi niya sigurado kung matamis ang lasa niyon, pero bakit parang sarap na sarap si Theo?

Then she wanted him inside her mouth. At ginawa niya. Maingat niyang ipinuwesto ang katawan. Sandali lang nahihawalay ang bibig ng binata sa kaselanan niya at nagpatuloy ito sa pagsimsim sa kanyang kaselanan.

Sa laki nito, halos di kasya sa bibig niya. But

when she felt him against her tongue—hard, hot and muscled, she didn't mind his thick length. It's wet with sticky liquid that tasted somehow salty. And yet she kept on sucking him. Lumagi sila sa ganoong posisyon sa loob ng mahabang sandali hanggang sa hagipin siya ni Theo at hinuli ng bibig nito ang mga labi niya.

Naramdaman niyang pinaghiwalay nito ang mga hita niya matapos itong kumubabaw sa kanya. Nakatitig ito sa mga mata niya nang ipasok ang sarili sa kanya matapos magsuot ng condom.

“Oh, Theo!” sigaw niya nang isagad ng binata sa kaibuturan niya ang nangangalit na pagkalalaki nito. Ah, he's hot. So strong, full of life.

“It's all yours,” hingal nito, marahang umuulos. Napakapit si Chantal sa headboard ng kama habang naglalabas-masok ang kahandaan nito sa kaibuturan niya.

“Theo! Theo! Theo...” paulit-ulit na anas niya habang bumibilis ang paggalaw nito. Tuluyan nang nadarang si Chantal sa makasalanang sensasyong hindi niya kayang kontrahin. His thrusts felt so deliciously good. Heavenly.

Pakiramdam niya ay dinala siya ni Theo sa isang mundo kung saan magkasanib ang kaluluwa

at katawan nila.

“Aaaah!” mahabang ungol ng binata sa ibabaw niya.

Muling nilabasan si Chantal. This time it was more intense and overwhelming. Pakiramdam niya ay nilulusaw ng napakasarap na init ang kanyang katawan. Like sugar cubes melting against a hot pan.

He took her to the clouds. Kung hindi lang sa paulit-ulit na paghalik nito sa gilid ng bibig niya ay hindi babalik ang katinuan niya.

4

Hindi mahilig magbukas ng *Facebook* account si Chantal. Pero simula nang magtagpong muli ang mga landas nila ni Theo ay nagkakaroon siya ng rason para mag-check ng *FB* niya. Doon kasi ito madalas makipag-communicate sa kanya, bukod sa cellphone. May mga pagkakataong nagsi-selfie ito at isini-send sa kanya.

Agad na kinuha ni Chantal ang netbook sa bitbit na sling bag upang i-upload ang dalawang pinakagusto niya sa lahat ng kuha niya, ang kuha niya kay Nanay Belinda at sa mag-amang mangingisda kanina.

Nasa maliit na fishing community siya sa Pagbilao upang kumuha ng mga bagong litrato na

ia-upload niya sa *StunPhotos*, isang website kung saan pwedeng magbenta ng mga kuhang larawan.

“*Life of Colors.*” Walang ibang maisip na caption si Chantal para sa kanyang post. *Hashtag colors.* Basta makapag-post siya.

May nag-like base sa notification. *Theo liked your post “Life of Colors.”*

Kusang ngumiti ang mga labi ni Chantal. At dahil wala namang nakakakita sa kanya ay naki-cooperate na lang siya hanggang sa nabuo ang isang kinikilig na ngiti.

Somebody is typing a comment...

Kay Theo galing ang tatlong sunud-sunod na komento. Lalong lumapad ang ngiti sa mga labi niya. Daig pa niya ang nanalo ng *Pulitzer*.

Sinagot niya ang comments nito at nagpasalamat.

Mayamaya ay may nag-pm sa kanya. “*Where are you? Can we have dinner together?*”

Tumigil ang mundo niya.

“*Tama ba ang nakalagay sa post mo? You’re in Pagbilao?*”

Iyon ang sunod na komento bago pa siya nakapag-reply.

Huminga muna nang malalim si Chantal. “*Oo. Nasa Pagbilao nga ’ko. Malayo para mag-dinner.*”

“Nasa kabilang bayan lang ako. Sa Mauban,” ani Theo sa sunod na mensahe nito.

Kung maka-lang naman ito parang nasa kabilang kalye lang ang Mauban, naisip ni Chantal.

Isang oras ang biyahe sa pagitan ng dalawang bayan.

“Ano’ng ginagawa mo diyan sa Mauban? Di ba sabi mo pupunta ka sa isang charity event?” ani Chantal sa kanyang mensahe. Iyon ang sabi ni Theo sa kanya kaninang umaga.

“Exactly. Katatapos lang ng event. Dito kami nagbigay ng mga bagong bangka at safe na kagamitang pandagat para sa mga mangingisda. Nag-conduct din kami ng medical mission at nag-abot na rin ng iba pang tulong para sa mga mahihirap na pamilya,” mahabang mensahe ng binata.

Napabuntong-hininga si Chantal. Ano ba itong nararamdaman niya? Gusto niyang makita si Theo, masulyapan man lang ang mukha nito.

“Please stay where you are. Pupuntahan kita.”

Lumundag ang puso ni Chantal pagkabasa ng huling mensahe ni Theo. She literally heard it when her heart thumped.



Naupo ang binata sa tabi niya nang dumating ito.

Nasa lilim siya ng isang mababang puno na malapit sa tabing-dagat.

“Ang layo yata ng assignment mo,” bati nito sa kanya.

“Day off ko ngayon. Actually, limang araw ang bakasyon ko kaya naisipan kung pumunta dito. Gusto kong kumuha ng mga litrato. Bagong... project.” Dinaan niya na lang sa ngiti at pa-cute ang hiya sa pagsabi ng salitang “project.”

Sa libo na yatang mga larawan na sinubukan niyang ibenta sa *StunPhotos*, may bumili ng isa noong isang araw. Akala niya walang kwenta ang mga kuha niya. Meron pala. It’s just one photo, but... Malaking bagay na iyon sa self-esteem niya.

Napatango-tango si Theo. “You’ll make it big,” he said.

Lumundag muli ang kanyang puso sa narinig. Para siyang katorse anyos na binigyan ng bulaklak ng crush. Lumabi siya.

“Sos, binobola mo naman ako, eh. Kung magaling ako, sana hindi ako assistant hanggang ngayon.”

Inilapit ni Theo ang bibig nito sa kanyang tainga. “Ang bata-bata mo pa,” bulong nito.

Naalala ni Chantal na bente-tres pa lamang siya.

Masyado yata siyang nagiging malupit sa kanyang sarili. Pakiramdam niya kasi ay napag-iwanan na siya ng kanyang mga pangarap. Sabi nga, hindi marapat na ikumpara ang tagumpay mo sa narating ng iba, at wala iyon sa edad. May maagang nakakamit ang tagumpay, pero maagang namamatay. Iyon namang iba, napapariwara lang. Hindi niya dapat sukatin ang success base sa materyal na pamantayan o sa standards ng iba.

“Hindi ka pa ba maiiwan ng sasakyan ninyo pauwi?” tanong niya sa binata.

Tinitigan siya ni Theo. At nahihipnotismo siya sa mga titig nito. Napatitig na lang din siya rito. Ang kaunting katinuan na natitira sa kanyang kaisipan ay nagdarasal na sana ay huwag siya nitong tanungin kung na-miss ba niya ito. She might just tell him yes.

“Kung maiiwan ba ako ng sasakyan, pwedeng dito na lang ako sa tabi mo?”

Parang may kung anong masarap na init na humaplos sa puso ni Chantal. Four years ago, hinayaan niyang mawalan sila ng komunikasyon pagkatapos ng mainit na magdamag sa buhay nila.

Nang mga panahong iyon ay namatay ang kanyang ina at hindi babasta ang kalungkutang dumaan sa kanya. Hindi na niya nakilala o nakita

man lang ang kanyang ama.

Ayon sa kanyang ina ay iniwan sila nito bago pa siya ipinanganak.

“Oo naman. Pwede kang manatili sa tabi ko hanggang gusto mo.” Pero sa isip lang ni Chantal nasabi iyon. “Ikaw,” sagot lang niya kay Theo.

Ngumiti ang binata. “Ang ganda dito, ’no? Presko ang hangin, parang maliit na paraiso itong lugar.” Mayamaya ay hinila siya ng lalaki at iniupo sa kandungan nito.

“Ano’ng ginagawa mo?” kunwa’y reklamo niya. Ramdam niya ang matipunong mga bisig nito at ang init na nagmumula sa buong katawan nito. “Baka may makakita sa ’tin. Ano na lang ang iisipin ng mga tao tungkol sa ’kin?”

“Shh,” saway nito. “Huwag ka nga kasing maingay para walang makarinig sa ’tin,” lambing nito. “Isa pa wala pa namang ibang tao rito, malayo iyong mga mangingisda.” Tumingin pa ito sa laot. “At mukhang bising-busy sila. Let them enjoy their fishing and let us enjoy ourselves.” Hinalikan nito ang kanyang pisngi.

Nag-init ang kanyang buong katawan sa simpleng halik nito.

“Na-miss kita. Na-miss mo rin ba ’ko?” usisa

nito, nakadikit pa rin ang mukha sa mukha niya.

Parang bumabaon ang mga hibla ng facial hairs nito sa balat niya. Hindi nga lang sakit ang nararamdaman niya kundi masarap na kiliti.

Gustong magsalba ni Chantal ng kaunting misteryo tungkol sa nararamdaman niya para sa binata. Pero hindi niya kayang gawin. “I missed you, too.”

Hindi niya in-expect na mahirap palang sabihin ang bagay na iyon lalo na’t hindi niya naman kasintahan ang binata.

“Bakit parang namumula ka?” tanong nito.

“A-ako? H-hindi, ah. Palubog na kasi ang araw. Nag-iiba talaga ang kulay ng mga bagay-bagay sa ilalim niyan,” dahilan niya.

Ngumisi lang ito, halatang hindi naniniwala. Ikiniskis nito ang ilong nito sa mukha niya nang paulit-ulit.

“Nahihiya ka ba dahil inamin mong nami-miss mo rin ako?” masuyong tanong ni Theo.

Hindi alam ni Chantal kung ano ang sasabihin.

“Hindi mo naman dapat ikahiya ang nararamdaman mo. I seriously missed you at masaya akong nami-miss mo rin ako.” Pinatakan nito ng mumunting halik ang kanyang mga pisngi.

Inangat ni Chantal ang kanang kamay at hinaplos ang kanang pisngi ng binata. Pakiramdam niya ay silang dalawa lang ang tao sa mundo. Ang sarap panoorin ng paglubog ng araw mula sa kandungan nito. Wala na siya sa matinong pag-iisip.

“Excuse me ho ma’am, sir. Gusto n’yo hong bumili ng isda?”

Pareho silang nagulantang nang marinig ang boses ng isang batang lalaking may dalang timba ng isda.